# Worksheet para sa Pagkalkula ng Kita

**Bakit dapat gamitin ang tool na ito:** Hinihiling ng HealthCare.gov ang inyong kasalukuyang buwanang kita at ang inyong inaasahang kita para sa taon. Kung minsan, maaaring i-multiply sa 12 ang buwanang kita upang makuha ang halaga ng taunang kita, ngunit hindi iyon palaging totoo kung nag-iiba-iba ang inyong kita ayon sa buwan. Kung magkakaiba ang inyong kita sa bawat buwan, tiyaking ilagay ang tamang halaga ng buwanang kita sa aplikasyon, pagkatapos ay lagyan ng tsek ang kahon upang isaad na nag-iiba-iba ang inyong taunang kita at ilagay ang tamang halaga ng taunang kita. **Tandaan: Kung magbabago ang inyong kita sa loob ng taon, dapat ninyong i-update ang inyong impormasyon sa HealthCare.gov upang makuha ang tamang premium na kredito sa buwis. Kung tataas ang inyong kita, maaaring kailanganin ninyong bayaran ang ilan sa o lahat ng kreditong natanggap ninyo.**

| Uri ng Kita | **Halagang natanggap sa buwang ito**<br>Ginagamit upang matukoy ang kasalukuyang pagiging kwalipikado sa Medicaid | **Kabuuang inaasahan sa 2023**<br>Ginagamit upang matukoy ang pagiging kwalipikado sa premium na kredito sa buwis sa 2023 |
|---|---|---|
| **Trabaho**<br>Suweldo o kita kada oras bago ibawas ang mga buwis. Isama ang mga tip, bonus, komisyon, at bayad sa pagkakaalis sa trabaho. Ibukod ang mga deduksyon bago ang buwis, gaya ng mga kontribusyon sa plano ng pagreretiro. Ilista ang lahat ng trabaho nang magkakahiwalay. | **Trabaho 1:** $ ____ kada oras<br>x ____ mga oras kada linggo<br>x 4 na linggo = ____ kabuuang buwanang halaga<br>**Trabaho 2:** $ ____ kada oras<br>x ____ mga oras kada linggo<br>x 4 na linggo = ____ kabuuang buwanang halaga | **Trabaho 1:** ____<br>**Trabaho 2:** ____ |
| **Sariling Hanapbuhay/Independiyenteng Kontraktor**<br>Pera mula sa isang trabahong naiulat sa Form 1099-MISC o mula sa ibang trabahong hindi naiulat sa ibang lugar. Pumunta sa bit.ly/btbtool para sa worksheet na makakatulong sa inyo na kalkulahin ang kita sa sariling hanapbuhay. | | |
| **Mga Benepisyo sa Kawalan ng Trabaho**<br>Anumang benepisyo sa kawalan ng trabaho na natatanggap ninyo. Tandaan: Maaaring mag-iba ang inyong mga benepisyo sa susunod na taon, depende sa anumang pederal na tulong na makukuha. | | |
| **Mga Benepisyo ng Social Security**<br>Mga benepisyo sa pagreretiro, benepisyo bilang survivor, at benepisyo kaugnay ng kapansanan, kasama ang anumang buong pagbabayad. Isama ang buong halaga, kahit na hindi ito napapatawan ng buwis. | | |
| **Mga Benepisyo sa Pensyon/Pagreretiro**<br>Perang matatanggap ninyo mula sa inyong employer kapag nagretiro kayo. | | |
| **Mga Pag-withdraw/Pag-cash Out mula sa Ilang Partikular na Uri ng Mga Account**<br>Mga pag-withdraw mula sa mga planong 401(k), IRA (ngunit hindi ang Mga Roth IRA), o ipon sa pagreretiro na maka-cash out kapag umalis na kayo sa isang trabaho (kahit na hindi kayo magretiro). Huwag isama ang mga pag-withdraw mula sa iba pang savings account. | | |
| **Kita sa Pamumuhunan**<br>Interes mula sa mga savings account, dividend mula sa mga stock o mutual fund, at kita sa kapital. | | |
| **Mga Mas Hindi Pangkaraniwang Uri ng Kita*:**<br>• Natanggap na kita sa pagpaparenta<br>• Mga royalty<br>• Natanggap na sustento (sa ilalim ng mga diborsyong natapos bago ang 2019)<br>• Nakanselang utang (gaya ng utang sa credit card na hindi na siningil)<br>• Kita sa scholarship na napapatawan ng buwis (hindi napapatawan ng buwis ang karamihan sa mga kita sa scholarship) | | |

**Huwag isama ang:** • Mga pagbabayad ng stimulus • Mga benepisyo ng mga beterano
• Mga pautang na natatanggap ninyo (gaya ng mga pautang sa mag-aaral o personal na pautang) • Mga kaloob
• Mga refund ng pederal na buwis • Suporta sa bata • Bayad sa mga manggagawa • Supplemental Security Income (SSI)

| | Buwanan | Kabuuan para sa 2023 |
|---|---|---|
| **Kabuuan** | | |

** Para sa mga mas hindi pangkaraniwang uri ng kita, gamitin ang IRS Publication 501 upang magpasya kung dapat bang isama ang mga ito.*

Beyond the Basics